

Mga Programa ng Gobyerno, *cont.*

Tinatangkilik ng Rady Children's ang mga mababa ang kita at hindi naka-insure na mga pasyente sa pamamagitan ng panghihimok sa kanilang mag-apply para sa mga programang pantulong ng gobyerno. Kung wala kang health insurance o mayroong hindi sapat na pagkakasakop sa insurance, at naaabot ang ilang mga kinakailangan sa kita, maaari kang maging karapat-dapat para sa isang programa sa health insurance na iniisponsor ng gobyerno:

- ▶ Medi-Cal
- ▶ California Children's Services

Kami ay magagalak na tulungan ka sa mga aplikasyon para sa Medi-Cal at California Children's Services.

Abiso ng Programang Tulong Pinansyal at Mga Planong Diskwentong Pagbabayad ng Pasyente



Kung wala kang insurance sa kalusugan o ay kulang ang pagkaka-insure at nag-aalalang hindi ka makakapagbayad nang buo para sa iyong pangangalaga, maaari ka naming matulungan.

Inaanyayahan ka naming kontakin ang isa sa aming mga Tagapayong Pinansyal upang malaman kung ang iyong pamilya ay karapat-dapat para sa aming Programa sa Tulong Pinansyal o mga Plano sa Nakadiskwentong Pagbabayad. Ang pagiging karapat-dapat sa parehong mga plano ay pinagpapasyahan batay sa iyong kita at pangangailangan ng pamilya. Ang ilang mga naka-insure na indibidwal na mayroong matataas na bayaring medikal ay maaari ring maging karapat-dapat.

Ang Aming Misyon

Upang maipanumbalik, ipagpatuloy at pahasayin ang kalusugan at potensyal sa pagpapaunlad ng mga bata sa pamamagitan ng kahusayan sa pangangalaga, edukasyon, pananaliksik at adbokasiya.

Narito Kami upang Tumulong!

Ipinagmamalaki namin ang aming misyon na magbigay ng dekalidad na pangangalaga sa lahat ng mga batang nangangailangan. Makipag-usap sa isa sa aming mga mapagkabigang Tagapayong Pinansyal ngayon upang makita kung naaabot ng iyong pamilya ang mga kinakailangang kita para sa pagiging karapat-dapat sa paglahok sa Programa sa Tulong Pinansyal o isa sa aming mga Plano sa Nakadiskwentong Pagbabayad.

facebook.com/radychildrens
twitter.com/radychildrens
youtube.com/radychildrens



Ipadala ang mga kumpletong aplikasyon sa:
3020 Children's Way, MC 5055, San Diego, CA 92123-4282

858.966.4005 | Bisitahin kami online sa
<http://www.rchsd.org/patients-visitors/financial-assistance>.

5/16

<http://www.rchsd.org/patients-visitors/financial-assistance>

Programang sa Tulong Pinansyal at mga Plano sa Nakadiskwentong Pagbabayad




innovation

belongs in every moment



innovation

belongs in every moment



Programa sa Tulong Pinansyal

Pangangalagang Pangkawanggawa

Ang Rady Children's ay nagbibigay ng pinakamataas na kalidad ng pangangalaga sa mga pasyenteng aming pinaglilingkuran. Upang magkaroon ng akses sa aming mga serbisyong pediatric, binibigyan ng natatanging konsiderasyon ang mga pinaka-kawawang pamilya ng pasyente; kabilang na iyong mga hindi kayang magbayad at iyong lubos na nahihirapang magbayad ng mga bayaring medikal dahil sa limitadong pinagkakakitaan.

Ang Programa sa Tulong Pinansyal ng Rady Children's ay nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga pasyenteng may pangangailangan sa pangmedikal na mahalagang pangangalagang pangkalusugan at mabababa ang kinikita, hindi naka-insure o kulang ang pagkaka-insure, hindi karapat-dapat sa isang programa ng gobyerno, at kung hindi man ay hindi kayang magbayad para sa pangmedikal na mahalagang pangangalaga batay sa kanilang indibidwal na sitwasyong pinansyal ng pamilya. Naniniwala kami na ang lahat ng aming

pasyente at mga pamilya ay dapat na tratuhin nang makatwiran at may respeto, nang hindi isinasaalang-alang ang kanilang kakayahang magbayad. Ang pagiging karapat-dapat ng bawat pamilya sa tulong pinansyal ay dapat na nakabatay sa isang pagpapasya ng pinansyal na pangangailangan. Hindi dapat isaalang-alang sa pagiging karapat-dapat ang lahi, etnisidad, estadong socioeconomic, sekswal na oryentasyon, edad, kasarian o paniniwalang panrelihiyon.

Ang aming Departamento sa Pagpapayong Pinansyal ay narito upang tulungan ang iyong pamilya sa mga impormasyon tungkol sa insurance sa kalusugan, ang aming Programa sa Tulong Pinansyal at Mga Plano sa Nakadiskwentong Pagbabayad, at upang sagutin ang mga tanong sa paniningil. Ituturing ng lahat ng aming mga Tagapayong Pinansyal ang iyong mga tanong nang may paglilihim at paggalang.

Ano ang Programa sa Tulong Pinansyal?

Ang Programa sa Tulong Pinansyal ay nagpapahintulot sa mga pasyente na makatanggap ng mga mahahalagang serbisyong pangmedikal nang walang singil o sa isang pinababang singil kapag naabot nila ang ilang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat.

Sino ang karapat-dapat?

Kinakailangang maabot ng mga kalahok sa Programa sa Tulong Pinansyal ang ilang mga kinakailangang kita at pinagmumulan ng kita. Kung ang kita ng iyong pamilya ay mababa sa 250 porsyento ng Mga Pederal na Panuntunan sa Kita sa Kahirapan, maaari kang magkwalipika sa buong pangangalagang pangkawanggawa para sa iyong bayarin.¹ Kung ang kita ng iyong pamilya ay nasa pagitan ng 251 at 450 porsyento ng Mga Pederal na Panuntunan sa Kita sa Kahirapan, maaari kang magkwalipika sa bahagyang pangangalagang pangkawanggawa.

Ang mga pasyenteng internasyunal ay maaaring mag-apply sa Rady Children's para sa konsiderasyon ng tulong pinansyal.

Paano ako mag-a-apply?

Upang mag-apply para sa tulong pinansyal, kailangan mong kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal, kabilang ang isang Pahayag ng Kundisyong Pinansyal. Ang mga Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ay makukuha sa pamamagitan ng aming departamento sa Pagpapayong Pinansyal o aming website sa www.rchsd.org/patients-visitors/financial-assistance. Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, tawagan ang aming Departamento sa Pagpapayong Pinansyal sa 858-966-4005.

Ang pagpapasya hinggil sa pagiging karapat-dapat ay magsisimula sa oras na matanggap namin ang kumpletong Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ng iyong pamilya at makapagsumite ka ng mga dokumento sa pagpapatunay sa kita.

Paano gumagana ang proseso ng notipikasyon?

Sa oras na makumpleto ang proseso ng pagiging karapat-dapat, makakatanggap ka ng sulat sa pag-aabiso sa koreo. Ang sulat ay magpapahiwatig kung ikaw ay karapat-dapat sa buo o bahagyang pangangalagang pangkawanggawa. Maaaring inabisuhan ka na ikaw ay hindi karapat-dapat sa tulong pinansyal o na kailangan ng karagdang impormasyon upang makagawa kami ng kapasyahan.

¹Uninsured patients at this level will receive care free of charge, except they must pay a small co-pay according to the Rady Children's co-payment schedule.